# datos

Ilinathala ng Rehiyunal na Kawanihan sa Instruksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bikol







# BARANGAY DEVELOPMENT PROGRAM

## Instrumento ng Pasismo at Korupsyon

### Ano ang Barangay Development Program?

Ang BDP ay bahagi ng kontrainsurhensyang programa ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) - EO 70 na naglalayong palabnawin ang rebolusyonaryong diwa ng mamamayan gamit ang mga hungkag na proyektong umano'y para sa kaunlaran.

Sa ilalim ng BDP, bibigyan ng tig-**P20 milyon** ang mga barangay na umano'y **cleared o naalisan ng impluwensya ng BHB**. Sang-ayon kapwa sa integrasyon ng mga pamamaraang militar na Clear-Hold-Consolidate-Develop at Whole-of-Nation-Approach ng Joint Campaign Plan Kapanatagan, ipinapatupad ang BDP bilang katapusang yugto. Katuwang ng BDP ang Retooled Community Support Program (RCSP) na mga operasyong militar sa komunidad.

**Bahagi ang BDP ng kampanyang pagpapasuko sa ilalim ng NTF-ELCAC-EO 70**

1) **Barangay Development Program**
2) Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP) - Balik Baril
3) PAMANA - KALAHI-CIDSS
4) Serbisyo Caravan/ Barangayan

### Gaano kalaki ang programa?

**Sa ilalim ng BDP Phase I**

**P 16.4 bilyon**

***kabuuhang pondo para sa***

**822 barangay**

***na idineklarang NPA-cleared mula 2016-2019***

pinondohan sa ilalim ng 2021 badyet

**Ipinapanukala naman ang BDP Phase II**

**P 47 bilyon**

***pondo para sa***


**2,368 karagdagang NPA-cleared barangays**

**noong 2011-2015: 962 barangay**
**noong 2020: 1406 barangay**

hinahabol badyetan bago ang halalang 2022

## Bagamat buong bansa ang saklaw ng BDP, konsentrado ang pondo nito sa iilang rehiyon - sa Katimugang Luzon (Bikol) hanggang Mindanao.


| | | | |
|---|---|---|---|
| Davao City | Region XI | 1,640,000,000 | 82 |
| Bukidnon | Region X | 1,420,000,000 | 71 |
| (Compostela Valley) Davao de Oro | Region XI | 1,300,000,000 | 65 |
| Agusan del Norte | Region XIII | 1,020,000,000 | 51 |
| Surigao del Norte | Region XIII | 980,000,000 | 49 |
| Surigao del Sur | Region XIII | 920,000,000 | 46 |
| Agusan del Sur | Region XIII | 900,000,000 | 45 |
| Iloilo | Region VI | 840,000,000 | 42 |
| Misamis Oriental | Region X | 740,000,000 | 37 |
| North Cotabato | Region XII | 720,000,000 | 36 |
| Davao Oriental | Region XI | 640,000,000 | 32 |
| Zamboanga Del Sur | Region IX | 520,000,000 | 26 |
| Masbate | Region V | 500,000,000 | 25 |
| Negros Occidental | Region VI | 480,000,000 | 24 |
| Davao del Norte | Region XI | 440,000,000 | 22 |
| Quezon | Region IV-A | 320,000,000 | 16 |
| Sorsogon | Region V | 320,000,000 | 16 |
| Sarangani | Region XII | 260,000,000 | 13 |
| Sultan Kudarat | Region XII | 240,000,000 | 12 |
| Misamis Occidental | Region X | 220,000,000 | 11 |



| Pangalan ng Rehiyon | Bilang ng Barangay | Halaga | Porsyento (Ranggo) |
|---|---|---|---|
| Ilocos | 2 | P40 milyon | 0.24 (13) |
| Cordillera | 8 | P160 milyon | 0.97 (10) |
| Cagayan Valley (II) | 6 | P120 milyon | 0.73 (12) |
| Gitnang Luzon (III) | 1 | P20 milyon | 0.13 (14) |
| CALABARZON (IV-A) | 30 | P600 milyon | 3.65 (8) |
| Bikol (V) | 49 | P980 milyon | 5.96 (6) |
| Silangang Bisaya (VI) | 72 | P1.44 bilyon | 8.76 (4) |
| Kanlurang Bisaya (VIII) | 8 | P 160 milyon | 0.97 (11) |
| CARAGA (XIII) | 191 | P3.82 bilyon | 23.24 (2) |
| Hilagang Mindanao (X) | 119 | P2.38 bilyon | 14.48 (3) |
| MIMAROPA (IV-B) | 25 | P500 milyon | 3.04 (9) |
| Davao (XI) | 215 | P4.3 bilyon | 26.16 (1) |
| Zamboanga Peninsula (IX) | 34 | P680 milyon | 4.14 (7) |
| SOCCSKSARGEN | 62 | P 1.24 bilyon | 7.54 (5) |

# BDP: Militarista at Kontrarebolusyonaryong Konsepto ng Community-Based Development

**Panibagong pagpapakete ang BDP ng mga naunang kontrarebolusyonaryong programang pangkomunidad na ipinatupad katuwang ang iba't ibang operasyong militar mula SOT, RSOT, PDT at ngayon ay RCSP. Lahat ng mga programang ito'y nakabatay sa pamamaraang militar na Clear-Hold-Consolidate-Develop na naglalayong ihiwalay ang masa sa Bagong Hukbong Bayan, ilayo ang kanilang pagsuporta sa armadong pakikibaka at wasakin ang kanilang pagkakaisa. Bahagi ang mga kontrarebolusyonaryong programang pangkomunidad ng sibil-militar na komponente ng operasyong triad (intelligence, combat at *civil-military*).**




## Rehimeng Arroyo: Strategic – Holistic Approach sa ilalim ng Oplan Bantay Laya I at II


**Kapit Bisig Laban sa Kahirapan–Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services: Kapangyarihan at Kaunlaran sa Barangay (KALAHI – CIDSS: KKB)**

KALAHI CIDSS

Isa sa mga banderang programa ng rehimeng Arroyo na maghahatid umano ng kaunlaran sa mga baryong may impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Ang naturang programa ay pinangasiwaan ng DSWD. Naging katuwang ang mga Special Operations Teams at Reengineered Special Operations Team sa pagpapatupad ng naturang proyekto. Sa unang yugto ng programa (2003 - 2010), pinondohan ito ng P9.1 bilyon mula sa pautang ng World Bank. Linaanan ng P300,000 - P500,000 kada baryo. Sa kasalukuya'y nagpapatuloy pa rin ang programa.

## Rehimeng Aquino III: Whole-of-Nation-Approach sa ilalim ng Oplan Bayanihan

**Payapa at Masaganang Pamayanan - KALAHI CIDSS**




Sinimulan noong 2011 bilang banderang programang pangkaunlaran ng admnistrasyong Aquino sa mga komunidad na apektado umano ng armadong tunggalian. Kalauna'y inintegra ang PAMANA sa programang KALAHI-CIDSS bilang haligi ng kampanyang kontrainsurhensya ng rehimen. Kapwa pinangasiwaan ng DSWD at Office of the Presidential Adviser for the Peace Process ang pagpapatupad ng naturang programa.

Ipinatupad sa pitong lugar na kinunsidera bilang *conflict zones.* Kabilang dito ang sonang Quezon - Bikol (Camarines Norte, Camarines Sur, Sorsogon at Masbate). Hinati ang programa sa tatlong haligi *(pillars)* kung saan ang unang dalawa'y nakapokus umano sa pagpapalakas ng mga institusyon ng gubyerno at pagtugon sa mga lokal na usapin ng inhustisya habang ang ikatlong haligi'y itinuon sa mga interbensyong sosyo-ekonomiko sa pamamagitan ng lokal na imprastruktura. Kinatuwang ang operasyong Peace and Development Teams (PDT) sa pagpapatupad nito. Tinarget ang mga baryong impluwensyado at may presensya ng NPA. Kada baryo ay pinondohan ng humigit-kumulang P300,000 liban pa sa pondong nakukuha mula sa KALAHI-CIDSS. Sa kasalukuya'y nagpapatuloy pa rin ang programa.

## Rehimeng US -Duterte: Whole-of-Nation-Aproach sa ilalim ng Oplan Kapanatagan

**Barangay Development Program**

ENDING LOCAL COMMUNIST ARMED CONFLICT NTF 70 2018

Sinimulan sa taong 2021 bilang bahagi ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Ihinananay ang BDP sa mga programang KALAHI at PAMANA. Kaiba sa naunang dalawang programa, tanging mga proyektong imprastruktura ang popondohan ng BDP. Liban dito, sinimulan lamang ang BDP isang taon bago matapos ang termino ni Duterte.

**Iba pang mga *community-based development programs* na ilinunsad sa Bikol**

Poder y Prosperidad de la Comunidad Project (PODER) (2005-2012)
Convenio (2008-2012) | 7.5 milyon/barangay
Department of Agrarian Reform – Agrarian Reform Communities
Philippine Rural Development Plan

# BDP sa Kabikulan

**P980 milyon** pondong linaan sa Bikol

**para sa**

inaprubahan ng Bicol TF-ELCAC **164 proyekto**

**na paghahatian ng**

**49** barangay sa **14** bayan ng **3** prubinsya

**mula sa**


**272 baryong** apektado umano ng armadong tunggalian sa rehiyon




**1.47%**

**lamang ng kabuuhang bilang ng barangay sa Kabikulan ang paglalaanan ng kasalukuyang pondo sa ilalim ng BDP.**

## Ano ang mayroon sa mga lugar na ito?




**Interes sa mina.** Higit 19.6 milyong metriko toneladang reserba ng ginto, pilak at tanso ang nasa prubinsya, pinakamalaki sa rehiyon.

**Ilang mga nag-operasyong mina sa prubinsya:**

***Capalonga Asian Resources Mining Corporation (exploration permit** sa Capalonga, Labo at Sta. Elena**)***

***Johson Gold Mining Corporation/Luklukan Norte Gold Project (mining tenement*** na sumasaklaw sa bayan ng Jose Panganiban).


**Build, Build, Build.** Bilang tarangkahan ng Mega Manila, Gitna hanggang Timog Luzon patungong Bikol, tatahi sa prubinsya, partikular sa naturang mga bayan ang mga naglalakihang proyektong kalsada sa ilalim ng Build, Build, Build.

**P160 milyon** Camarines Norte

| Bayan | Barangay | Halaga |
|---|---|---|
| **Capalonga** | 5 – Binawangan, Itok, Lucbanan, San Antonio, Villa Belen | **P 100 milyon** |
| **Labo** | 2 – Bayabas, Guisican | **P 40 milyon** |
| **Sta. Elena** | 1 - Bulala | **P 20 milyon** |

| Bayan | Barangay | Halaga |
|---|---|---|
| **Aroroy** | 6 – Balete, Capsay, Concepcion, Managanaga, Manamoc, Pangle | **P 120 milyon** |
| **Baleno** | 4 – Banase, Eastern Capsay, Gabi, Potosan | **P 80 milyon** |
| **Monreal** | 5 – Cantorna, Macarthur, Maglambong, Rizal, Togoron | **P 100 milyon** |
| **San Jacinto** | 5 – Bagacay, Bartolabac, Danao, Jagna-an, Pina | **P 100 milyon** |
| **San Pascual** | 5 – Cueva, Halabang Baybay, Laurente, Malaking Ilog, Pinamasingan | **P 100 milyon** |

# P500 milyon
## Masbate





**Pugad ang Masbate ng malalaking neoliberal na proyekto sa ekoturismo at mina.** Ang operasyong mina ng Filminera Resources Corporation (FRC), isa sa pinakamalalaki sa buong bansa, ay nakabase sa Aroroy at Baleno.

Tarangkahan din ang prubinsya papuntang Visayas at Mindanao kaya't bilang bahagi ng Albay-Masbate-Sorsogon Tourism Area Development Plan (ALMASOR), kritikal ang paglikha sa prubinsya bilang mayor na sonang pang-ekoturismo.

**Sa kabila nito, nananatiling ang Masbate ang pinakamahirap na prubinsya sa rehiyon.**

# P320 milyon
## Sorsogon

| Bayan | Barangay | Halaga |
|---|---|---|
| **Barcelona** | 2 – Mapapac, San Antonio | **P 40 milyon** |
| **Casiguran** | 2- San Pascual, Sta. Cruz | **P 40 milyon** |
| **Gubat** | 3 – Benguet, Tabi, Togawe | **P 60 milyon** |
| **Irosin** | 1 – Tongdol | **P 20 milyon** |
| **Juban** | 1 - Guruyan | **P 20 milyon** |
| **Matnog** | 7 – Balocawe, Bariis, Bon-ot Big, Bon-ot Small, Cabagahan, Coron-Coron, Sinibaran | **P 140 milyon** |




Sa prubinsya, partikular sa bayan ng Matnog inaasahang magdudugtong ang mga malalaking neoliberal na proyektong transportasyon sa ilalim ng Build, Build, Build (PNR South Long Haul, Quezon-Bicol Expressway at Sorsogon-Samar Link Bridge Project. Pinupugpog din ng mga proyektong ekoturismo ang prubinsya bilang bahagi ng planong ALMASOR.

## Walang tunay na kaunlarang hatid ang BDP

# Nananatili ang Bikol na

**Ika-3**
pinakamababang distribusyon ng lupa

**27 %**
antas ng paglaganap ng kahirapan

# sa kabila ng:

### Pondo ng Kabikulan sa ilalim ng Regional Development Plan (RDP)

**P 529 bilyon** Regional Development Investment Program

Programang Rekoberi sa COVID-19 **P 294 bilyon**

na nagpondo ng mga sumsusunod:

- **P10.37 bilyon** farm-to-market road (2020-2022)
- **4538** eskwelahan (elementarya at hayskul)
- **1,196** barangay health stations (2016)
- **P190 milyon** para sa 39 proyektong patubig
- **13.4%** pagtaas ng paggastos ng gubyerno sa rehiyon, pangalawa sa buong bansa
- **P513 milyon** pondo ng Bikol sa National Greening Program

### Patung - patong na programang pangkomunidad na nakabatay sa kampanyang kontrainsurhensya

**P3 bilyon** hiwalay na pondong kontrainsurhensya ng RTF-ELCAC at Regional Development Council

**KALAHI-CIDSS, PAMANA**
P 309.49 milyon (2012-2015)

**DAR-Agrarian Reform Communities**
(165 ARCs sa Bikol para sa 50,000 magsasakang benepisyaryo ng CARP)

**Philippine Rural Development Project**
(P1.1 bilyong ginastos sa Kabikulan)


**Sa pag-uulit ng mga proyektong dati nang pinopondohan sa ilalim ng mga programang ito, lalong pinatutunayan ng BDP na hungkag at nakabatay sa neoliberal na disenyo ang kaunlarang itinataguyod ng Regional Development Council.**

## KARAHASAN HINDI KAUNLARAN:
## Pondo ng Pasismo ang Badyet ng BDP at NTF-ELCAC

### Saan napupunta ang pondo ng NTF-ELCAC?

**Saywar at Disimpormasyon**






**Kampanyang Pagpapasuko at iba pang Panlilinlang**


Manipulated photo of alleged fake "surrenderees" by the Armed Forces of the Philippines




**EJK at ibang Marahas na Paglabag sa Karapatan**






### Gaano kalaki ang pondo ng BDP kumpara sa ibang programa ng gubyerno ?



# 27%
**mas mataas kumpara sa ilinabas ng gubyerno para sa medikal na pagharap sa pandemya**



# 64%
**mas mataas kumpara sa suporta sa magsasaka sa ilalim ng Rice Competitiveness Enhancement Fund**



# 147%
**mas mataas kumpara sa pondo para sa pabahay at elektripikasyon**



# 84.3%
**mas mataas kumpara sa badyet sa repormang agraryo**



# 22%
**mas mataas kumpara sa kagyat na kabuhayan, empleyo at suporta sa maliliit na negosyo**

# 74.1%
**mas mataas sa mga suportang programa para sa mga mayor na produktong agrikultural**

## Ano ang dala ng mga operasyong militar sa mga komunidad sa kanayunan?

**O operasyong militar**
**ang nagresulta sa**

- Pagtaas ng presyo ng palay, kopra at iba pang agrikultural na produkto
- Pagpapababa ng upa sa lupa at pagpawi ng usura
- Pamamahagi ng lupa

***Sa halip, maraming karanasan ng pang-aagaw ng lupa at pagwasak sa kabuhayan***

**Pagbabanta o aktwal na pangungumpiska sa lupa sa sinumang hindi magpatitulo o magbuwis sa DAR;**

**Pagbabawal sa mga magsasaka na magtrabaho sa kanilang bukid;**

**Blokeyo o panghaharang sa daloy ng suplay at produkto ng mga komunidad**

**Pagbuwag sa mga samahang magsasaka at tulungan sa produksyon**

## Pandarahas at Terorismo sa mga sibilyan ang rekisito para madeklarang "malinis sa NPA" ang lugar at mabigyan ng proyekto sa ilalim ng BDP

### Monreal, Masbate

Linaanan ng P100 milyon sa ilalim ng BDP.

#### Pamamaslang

**Brgy. Rizal**

Marso 10, 2020 **Kiko Garamay, 30 taong gulang**
Hunyo 7, 2021 **Rey Labustro, 25 taong gulang**

**Brgy. Macarthur**

Marso 11, 2020 **Nonong Hermena, 50 taong gulang**
Abril 30, 2020 **mag-amang Dionisio at Jerome dela Cruz.**

#### Pekeng Pagpapasuko

**Brgy. Guinhadap, Macarthur, Maglambong at Cantorna**

#### Iligal na Pag-aresto/Pagdukot

**Brgy. Macarthur**

Marso 10, 2020 **Serafin Morada at Amaro Bartolay, kapwa 50 taong gulang**

### Barcelona, Sorsogon

Linaanan ng P40 milyon sa ilalim ng BDP.

#### Pamamaslang

**Brgy. San Antonio**

Nob. 8, 2019 **Bernabe G. Estiller, 41 taong gulang, isang barangay kagawad;**

### Capalonga, Camarines Norte

Linaanan ng P100 milyon sa ilalim ng BDP

#### Pamamaslang

April 2021 **mag-asawang Noemi at Lourdes Marka**

Hunyo 25, 2018 **Allan Casulla**
Hulyo 3, 2019 **William Tailon**

## Walang tigil na operasyon kahit NPA-cleared na:

**Hindi garantiya ang deklarasyong NPA-cleared upang tumigil ang operasyong militar. Nagpapatuloy ang mga operasyong RCSP sa karamihan ng 49 baryong idineklarang wala na umanong NPA.**

**Hindi nakabalangkas ang BDP sa pagpapalakas ng agrikultura at industriya, pagluluwal ng pangmatagalan at sustenableng hanapbuhay at pagtugon sa mga batayang pangangailangan ng masa, laluna sa panahon ng pandemya**

## Mga pantapal na proyektong popondohan ng BDP

**P12 milyon**
*farm-to-market roads* na hindi magagamit ng mga magsasakang wala namang produktong maibebenta

**P3 milyon**
mga eskwelahan na hindi naman mapakikinabangan ng mga kabataang walang panustos sa pag-aaral

**P1.5 milyon**
*national greening* at *forest protection*, na mga kumpanya sa ekoturismo, pagmimina at logging lamang ang makikinabang

**P1.5 milyon**
para sa mga *health stations* gayong walang sapat na gamot at mga manggagawang kalusugan.

**P2 milyon**
sistemang patubig at sanitasyon na mga pribadong kumpanyang may hawak sa mga pampublikong yutilidad lang ang makikinabang

## Samantala, walang ilinaan ang BDP sa mga sumusunod:

**0**

- pangmatagalang suportang agrikultural sa magsasaka
- tunay na reporma sa lupa
- makabuluhang ayuda sa panahon ng sakuna't kalamidad
- pagtatayo ng mga lokal na industriya

## Hindi rin nakabatay ang programa sa sinserong pag-alam sa kalagayan ng masa

**Pantay-pantay na pondo at pare-parehong tipo ng proyekto sa hindi pantay-pantay na pangangailangan.**

**Nakabatay ang pagtukoy ng mga proyekto sa malabong depinisyon ng *NPA-cleared* at hindi sa masusing pagsusuri sa problema ng komunidad.**

## Saan mas makabuluhang mailalaan ang P16.4 bilyong badyet para sa BDP?

**P2.4 bilyon**
pagbuhay sa industriya ng abaka sa Catanduanes

**P6,900 dagdag**
sa isang taong sahod ng kada 2.35 milyong manggagawang Bikolano

**1,093,033**
magsasaka, manggagawang bukid at mangingisdang Bikolanong makikinabang sa P15,000 ayudang pangkabuhayan

**77,725**
kabahayan para sa mga Bikolanong napinsala ang tirahan dulot ng bagyo

**4-5 milyon**
sako ng bigas

**7-38 milyon**
*dosage* ng bakuna para sa Covid-19

## Pinalalabnaw ng BDP ang pakikibaka ng magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa

### 91,776 ektarya

**pinakamababang distribusyon ng lupa sa lahat ng nagdaang rehimen**

### 4 sa 10 prubinsyang

may pinakamalaking LAD balance (o hindi naipapamahaging lupa) ay nasa Kabikulan (Camarines Sur, Masbate, Sorsogon at Albay)

### 6, 406 ektarya

ng lupaing pag-aari ng gubyerno ang ipinamahagi umano sa *rebel returnees.* Kabilang dito ang Bikol, Cagayan Valley, Eastern Visayas at Davao

### Lupa kapalit ng pagsuko


**Instrumento ang BDP ng militarista at huwad na reporma sa lupa ni Duterte.** Gagamitin ang programa upang isuko ng masang magsasaka ang kanilang karapatan sa lupa at mapanatili o maibalik ang kontrol nito sa panginoong maylupa.

***Inter-Agency Task Force sa Relokasyon at Pagbubuo ng mga Komunidad ng Rebel Returnees***

*Rebel returnees* bilang pekeng benepisyaryo ng lupa upang palayasin ang mga lehitimong magsasaka.

***Presensya ng Militar at Pulis sa mga Lupaing Pag-aari ng Gubyerno***

Halimbawa: Pagpakat ng PNP sa 303 ha. lupa sa estadong Yulo sa Milagros, Masbate para sa tuluy-tuloy na balidasyon ng lupang ipapasok sa CARP






## Tinatangka ng BDP na bulagin ang masa at pigilan ang pagpapanagot sa rehimeng US-Duterte sa mga krimen nito




### P 85 bilyon

**pagkalugi ng masang magsasaka dulot ng Rice Tariffication Law**




### P9 bilyon

**hindi nagamit na pondo sa ilalim ng Bayanihan 2**




**malawakang pamamaslang**

**taksil na pagbenta ng soberanya**

**pinakamatarik na pagbagsak ng ekonomya**

**pinakamatagal at pinakamalupit na lockdown**

**walang kapantay na kagutuman at disempleyo**




### P 83 bilyon

**natiwangwang na pondong laan sa social amelioration program**




### P 8.3 bilyon

**pinsala sa agrikultura ng rehiyon dulot ng mga bagyong Tisoy, Quinta, Rolly at Ulysses**

## Nagsisilbi ang BDP bilang balon ng korupsyon at pagtupad ni Duterte sa neoliberal na atas ng kanyang mga among lokal at dayuhang naghaharing-uri

### Hudyat ang BDP sa pagpasok ng mga malalaking kontra-mamamayang proyekto sa mga lugar na saklaw ng naturang programa

| ILANG MGA MALALAKING KONTRA-MAMAMAYANG PROYEKTO SA MGA ERYANG MAY BDP | | | |
|---|---|---|---|
| **Proyekto** | **Tipo** | **Eryang Saklaw** | **Halaga** |
| Inter-rehyunal | | | |
| **PNR South Long Haul** | Transportasyon; Komersyo | Mula Maynila hanggang Matnog, Sorsogon | P175 bilyon |
| **Quezon – Bicol Expressway** | Transportasyon; Komersyo | Mula Lucena, Quezon hanggang Matnog | P87 bilyon |
| **Sorsogon-Samar Link Bridge Project** | Transportasyon; Komersyo | Mula Matnog, Sorsogon | |
| Camarines Norte | | | |
| **Capalonga Asian Resources Mining Corporation** | Mina | Capalonga, Labo, Sta. Elena | |
| **Tagkawayan - Labo Diversion Road** | Transportasyon, Mina | | P955 milyon |
| **Labo Bypass Road** | Transportasyon | | P 610 milyon |
| Sorsogon | | | |
| **Bulan-Matnog-Sta. Magdalena-Bulusan Road** | Ekoturismo | | P3.2 Bilyon; |
| **Matnog-Bulan-Magallanes Tourism West Coast Highway** | Ekoturismo | | P3.7 bilyon |
| **Barcelona-Casiguran Diversion Road** | Transportasyon | | P716 milyon |
| **Juban-Bulan Diversion Road** | Transportasyon | | P2.34 bilyon |
| Masbate | | | |
| **Masbate Gold Project Expansion** | Mina | Aroroy, Baleno | |
| **Minahang Bayan** | Mina | Aroroy | |
| **San Fernando-San Jacinto Monreal Road** | Transportasyon, Komersyo | San Fernando, San Jacinto | P777 milyon |
| **San Jacinto Coastal Road** | Ekoturismo | San Jacinto | |
| **Poblacion – Quintina, San Pascual Road** | Ekoturismo | San Pascual | P1.13 bilyon |
| **Poblacion Morocborocan-Guindahap Road, Masbate** | Ekoturismo | Monreal | P 500 milyon |
| **Enhancing Ecotourism in the Province of Masbate for Sustainable Rural Development** | Ekoturismo | | P130 milyon |


**Gatasan lamang ng pangkating Duterte at ng kanyang mga kroning upisyal sa militar at burukrasya ang BDP upang makapagpalawig sa kapangyarihan**




## Sa balwarte ng pamilyang Duterte nailagak aang pinakamalaking bahagi ng BDP

**Halos 75% ng kabuuhang pondo ng BDP ay mapupunta sa Mindanao. Ang Davao City, kung saan alkalde si Sara Duterte, ang bayang may pinakamaraming barangay na saklaw ng BDP.**

| Rehiyon | Halaga | Barangay | % |
|---|---|---|---|
| Region XI | 4,300,000,000 | 215 | 26.16 |
| Region XIII | 3,820,000,000 | 191 | 23.24 |
| Region X | 2,380,000,000 | 119 | 14.48 |
| Region VI | 1,440,000,000 | 72 | 8.76 |
| Region XII | 1,240,000,000 | 62 | 7.54 |
| Region V | 980,000,000 | 49 | 5.96 |




## Kurakot ng militar, pansuhol sa mga sibilyang upisyal



### Mga pugad ng korupsyon ng AFP

## 1) P 63.4 bilyong BDP Phase I at panukalang Phase II

### 2) P 300 bilyong hungkag na modernisasyon ng AFP

## Dobleng Pondo

Maaaring ideklara ng NTF-ELCAC na pinondohan ng BDP ang isang proyekto nang hindi na kailanganin pang maglabas ng pondo dahil may ahensya nang naunang binadyetan ng naturang proyekto. Sa Bikol, ang ilang mga baryong kabilang sa BDP ay dati nang may mga proyektong FMR na binadyetan sa ilalim ng Department of Agriculture. Sa pamamaraang ito madaling makakakurakot.

| Pangalan ng Proyekto | Lugar | Sukat | Halaga | Taon |
|---|---|---|---|---|
| Concreting of Brgy. Binawangan FMR | Capalonga, Camarines Norte | 0.5 km | P12 milyon | 2020 |
| Concreting of Brgy. Guisican FMR | Labo, Camarines Norte | 1 km | P12 milyon | 2020 |
| Concreting of Brgy. Bulala FMR | Sta. Elena, Camarines Norte | 1km | P12 milyon | 2020 |
| Concreting of Brgy. Togawe FMR | Gubat, Sorsogon | 1 km | P12 milyon | 2020 |
| Road Opening and Concreting of Barangay Tabi FMR | Gubat, Sorsogon | 1 km | P12 milyon | 2020 |
| Concreting of Macarthur – Sto. Nino FMR | Monreal, Masbate | 1 km | P20 milyon | 2018 |
| Construction of Brgy. Cantorna and Brgy. McArthur FMR Phase II, Brgy. Cantorna and Brgy. McArthur | Monreal, Masbate | 1.042 km | P12.5 milyon | 2021 |
| Concreting of Cantorna – Macarthur FMR | Monreal, Masbate | 1 km | P12 milyon | 2021 |

## Kilusang Masa laban sa Militarisasyon at mga Kontra-mamamayang Proyekto

***Malalaking kontramamamayang proyekto at mas maruming gera laban sa masa ang nasa likod ng mga proyektong pantapal ng BDP at NTF-ELCAC.***




***Subalit pinatunayan ng mahabang kasaysayan ng masang Bikolano sa paglaban at pagbigo sa militarisasyon ang pangangailangang labanan ang mga pang-aatakeng ito sa kanilang buhay at kabuhayan.***

## Kumprontasyon Laban sa RCSP



Sa ilang mga baryo sa rehiyon, matapang na hinarap ng taumbaryo ang panghihimasok ng militar sa kanilang mga komunidad. Kabilang dito ang magiting na pagkumpronta nina Brgy. Capt. Luzviminda Dayandante ng Batbat, Guinobatan, Albay at kapwa niya mga upisyal ng barangay sa paglulunsad ng RCSP ng 49th IBPA sa kanilang bayan.

## Barikada laban sa Proyektong Ekoturismo

Matagumpay na napatigil ng mga residente ng Brgy. Cotmo, San Fernando, Camarines Sur ang patrabaho sa Pasacao - Balatan Nautical Tourism Highway. Ang naturang highway ay bahagi ng proyektong Build, Build, Build. Tinatayang mahigit 50 pamilya sa naturang baryo ang pinangangambahang mawalan ng tirahan at kabuhayan dulot ng proyekto.



## Pagtutol sa Operasyong Mina

Isa sa mga pinakamamatingkad na kilusang masa sa rehiyon ay ang matagumpay na pagpapahinto ng masa sa operasyon ng isang malaking mina sa Camarines Norte.

Sa matapang na pagkilos ng masa, katuwang ang kanilang Hukbo, napatigil ang mapaminsalang operasyon ng naturang malaking minahan.

# PATULOY NA MAGPUNYAGI SA PAGSUSULONG NG DIGMANG BAYAN!

## Pagsusulong ng Rebolusyong Agraryo

Sa Kabikulan, nakapagkamit ng maraming tagumpay ang masa at ang rebolusyonaryong kilusan sa ilang dekadang pagpapatupad ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa.

**Ilampung-libo**

**ektarya ng lupang kasalukuyang pinangangasiwaan ng rebolusyonaryong kilusan kabilang yaong mga nabawi sa mga panginoong may-lupa.**

**400 sako**

ang inaaning bigas kada anihan ng isang komunidad na may grupong tulungan sa isang prubinsya. Ang naturang pagtutulungan ay kabilang sa daan-daang komunidad sa rehiyon na nagsasapraktika ng sama-sama at syentipikong pagtatanim batay sa gabay ng rebolusyonaryong kilusan.

**30/70 → 70/30 → 90/10**

Libu-libong matatagumpay na karanasan ng pakikibakang anti-pyudal sa pagpapababa ng upa sa lupa, usura, resiko at pagpapataas kapwa ng sahod ng manggagawang bukid at presyo ng produktong agrikultural.

## Pagpapaigting ng Armadong Paglaban

Bilang tunay na Hukbo ng masa, hindi naglubay ang Bagong Hukbong Bayan sa paglulunsad ng mga taktikal na opensibang pumarusa, pumaralisa at nagpalayas sa mga mapaminsalang proyekto sa rehiyon.

***Reyd sa Dumagmang, Labo, Camarines Norte***
laban sa mga yunit ng AFP at PNP na nagsisilbing security forces sa muling pagsisimula ng operasyon ng Mt. Labo Mining Exploration at ang ginagawang Tagkawayan - Labo Diversion Road na magpapadali sa pagluluwas ng mamiminang ginto sa lugar.

***Pamamarusa sa mga Neoliberal na Proyekto sa Masbate.*** Kabilang dito ang planong ekspansyon ng Filminera Resources Corporation at ang Matibay Cement Factory, Ltd.

## Pagtatatag at Pagpapalakas ng mga Rebolusyonaryong Organisasyong Masa

Hindi iilang karanasan ng mga komunidad sa rehiyon ang mapanlikha at mapangahas na nakapagpatibay at nakapagpalawak ng kanilang mga rebolusyonaryong organisasyon sa harap ng pandarahas at buhos ng mga mapanlinlang na proyekto.

